

Kabanata 4: Erehe at Subersibo

Hindi makapagpasya si Ibarra kung saan siya pupunta. Bahagyang napawi ng malamig na dampi ng panggabing-hangin ang pangungumot ng kanyang noo.

Matuling nagdaraan ang magagandang sasakyan samantalang mabagal ang takbo ng mga paupahang kalesa. Maraming naglalakad na mamamayan buhat sa iba't-ibang bansa. Marahan ang mga hakbang ni Ibarra na para bang naglilibang lamang. Nagtungo siya sag awing liwasan ng Binondo. Pinaglipat-lipat ang tingin sa ina't-ibang dako na para bang may hinahanap. Yaon din ang mga dating daan at mga bahay na may pintang puti at bughaw... mga puting pader. Naroroon pa rin ang dating kampanaryo na may lumang orasan. Marurumi pa rin at tilang may tabing na rehas na bakal ang mga tindahan ng Instik. Isa sa mga bakal na iyon ang binaluktot niya isang gabi upang partisan ang Gawain ng mga batang walang pinag-aralan sa Maynila. Naroroon pa rin ang baluktot na bakal.

“Mabagal na pagsulong ito!” bulong niya at saka nagtuloy sa daang Sacristia.

Tulad ng dati, ang magsosorbetes ay sumisigaw ng “Sorbetes!” at mga huwepe o sulong yari sa sasa ang siya pa ring tumatanglaw sa mga tindahan ng Instik at mga tinder ng pagkain at prutas.

“Kataka-taka!” naibulong niya. “Ito rin ang dating Instik may pitong taon na ang nakalilipas. At ang matandang babang ito ay siya pa rin! Parang pangarap lamang ang gabing ito sa loob ng pitong taong itinigil ko sa Europa! Diyos ko! Hindi parin naayos ang batong ito mula nang umalis ako. “Tanggap parin sa dating kinalalagyan ang bato sa bangketa sa kanto ng San Jacinto at Sacristia.

Samantalang pinagmamasdan niya ang kababalaghang ito ng katatagan sa kaayusan ng lungsod – sa Pilipinas na lupaing walang katatagan – ay naramdaman niyang may kamay na pumatong sa kanyang balikat. Lumingon siya at nakita ang nakangiting matandang tenyente. Wala sa mukha ng military ang anyong mabangis o pangungunot ng kilay.

“Mag-iingat kayo, binate! Maging aral sana sa iyo ang sinapit ng inyong ama!” payo nito.

“Ipagpatawad ninyo, palagay ko’y labis na napamahal sa inyo ang aking ama. Masasabi ba ninyo kung ano ang kanyang sinapit?” tanong ni Ibarra sa militar.

“A, hindi pa ba ninyo alam?” nagtataka ring tanong nito.

“Nagtanong po ako kay Don Santiago ngunit nangakong bukas pa niya sasabihin. Nalalaman po ba ninyo?”

“Opo. Namatay siya sa bilangguan... at alam ito ng lahat!”

Napaurong ang binata at tinitigan ang tenyente.

“Sa bilangguan? Sino ang namatay sa bilangguan?”

“Ang inyong ama!” sagot ng militar.

Kabanata 4: Erehe at Subersibo

“Ang aking ama? Sa bilangguan? Nabilanggo? Totoo ba ang sinabi ninyo? Kilala ba ninyo ang aking ama? Alam ninyo?” sunod-sunod na tanong ng binate sabay sunggab sa military.

“Palagay ko’y hindi ako nagkakamali. Siya’y si Don Rafael Ibarra.”

“Sya nga po... si Don Rafael Ibarra,” mahinang ulit ng binata.

“Ngunit akala ko’y alam na ninyo!” pabulong na wika ng military na biglang nakadama ng awa dahil sa napansing paghihinagpis ni Ibarra.

“Akala ko’y... kayo’y... ngunit lakasan ninyo ang inyong loob. Dito po ay hindi maaaring maging marangal nang hindi nabilanggo!”

Matagal bago nakatugon si Ibarra. “Naniniwala akong hindi ninyo ako binibiro,” mahina niyang wika. “Maaari po bang sabihin ninyo sa akin kung bakit siya nabilanggo?”

“Nagtataka ako kung bakit hindi ninyo nabalitaan ang nangyari sa inyong pamilya,” anang matanda.

“Sa huling sulat nila sa akin, may isang taon na ngayon, sinabi nilang huwag akong mabahala kahit hindi sila nakasusulat sapagkat abala sila. Ipagpatuloy ko raw ang pag-aaral. Binendisyunan pa nila ako.”

“Samakatuwid ay huling sulat na nila iyon. Mag-iisang taon na naming siyang inilibing sa inyong bayan.”

“Bakit po nabilanggo ang aking ama?”

“Napakarangal ang dahilan. Mabuti pang sumama kayo sa akin. Pupunta ako sa kuwartel at ikukuwento ko sa inyo sa daan.”

Sabay silang lumakad at pagkaraan ng ilang sandal ay nagsimula nang magkuwento ang matanda.

“Ang inyong ama ay siyang pinakamayaman sa lalawigan. Mahal siya at iginagalang ng marami ngunit mayroon ding naiinggit at galit sa kanya.

Hindi tama ang inaasal naming mga Kastila sa Pilipinas. Nasabi koi to hindi lamang para tukuyin ang isa sa inyong mga ninuno, kundi gayundin ang mga kaaway ng iyong ama. Ang pagbabago-bago, kawalang-moral at disiplina ng matataas na opisyal, pagtatangkilikan, kalapitan sa Espanya, at kamurahan ng pasahe patungong Pilipinas ang ugat ng lahat. Nagpupunta rito ang mga taong isinusuka na sa Espanya. Kahit mabuti ang Kastilang magtungo rito ay sumasama rin kalaunan. At dahil nga rito kaya nagkakaroon ng maraming kaaway na Kastila ang inyong ama. Isa na sa kanila ang kura.”

Tumigil muna sa pakukuwento ang tenyente.

“Ilang buwang makaraang umalis kayo ng Pilipinas ay nagsimula ang samaan ng loob ng inyong ama at ni Padre Damaso,” patuloy ng tenyente. “Hindi ko alam ang tunay na dahilan, ngunit si Don Rafael ay pinaratangan ng di pangungumpisal ni Padre Damaso. Alam naman

Kabanata 4: Erehe at Subersibo

ninyong dati na siyang hindi nangungumpisal pero magkaibigan pa rin silang matalik. Napakarangal ni Don Rafael kaya mas banal pa siya kaysa maraming nagpapakumpisal at nangungumpisal.

“Hanggang sa pulpit ay inaatake ni Padre Damaso ang inyong ama. HImalang hindi niya tuwirang binabanggit ang pangalan. Naisip ko tuloy na hindi magtatagal at hahantong ito sa masama.”

“Noon naman ay may isang Kastilang natiwalag bilang artilyero ng hukbo dahil sa masamang asal at kamangmangan. Kailangan niyang kumita, ngunit dahil sa makasisira sa karangalan ng mga Kastila kung bibigyan siya ng mabibigat na trabaho kaya’t ginawa siyang kolektor ng buwis sa mga sasakyan. Hindi siya nakapag-aral minsan man na nahalata naman agad ng mga Pilipino. Para sa mga Pilipino, hindi karaniwan na ang isang Kastila ay hindi marunong bumasa at sumulat. Kaya’t nilibak nila ang pobreng hangal na nilulunok na lamang ang kahihyan habang naniningil ng buwis. Alam niyang siya ang pinatutungkulan ng masasakit na birong iyon na lalo lamang nagpalala sa kanyang masamang ugali. Baligtad kung iabot sa kanya ang papeles; kunwari naman ay babasahin niya at saka pipirmahan nang parang kinalkal ng manok. Nagbabayad nga ng buwis ang mga tao, pero nasisiyahan naman sa panlilibak. Nilulunok ng artilyero ang kanyang dangal habang patuloy sa pangongolekta ng buwis. Nasa ganitong takbo ang kanyang utak nang minsang magkapalitan sila ng masasakit na salita ng inyong ama.

“Isang araw. Habang binibiling-biling niya ang papeles sa isang tindahan ay may lumapit na batang lalaking nagtawa ng malakas at itinuro ang artilyero sa mga kalaro. Narinig niya ang tawanan kaya nagpalinga-linga. Napansin nya ang pagpipigil sa pagtawa ng mga tao sa paligid. Sumiklab ang galit ng artilyero kaya’t hinabol niya ang mga bata. Nagtakbuhan ang mga nanunukso na malakas na isinisigaw ang *ba-be-bi-bo-bu*. Galit na galit ang lalaki. Nang hindi niya abutan ang mga bata ay pinukol niya ng baston ang mga iyon. Tinamaan sa ulo ang isang batang lalaki at nawalan ng malay. Mabilis itong nilapitan ng kolektor at tinadyakan. Wala isa man sa mga naroroon ang nagtangkang umawat.

“Nagkataon naman noon na nagdaraan ang inyong ama. Sinugod niya at hinawakan sa kamay ang Kastila. Nagtangkang lumaban ang kolektor ngunit higit na malakas ang inyong ama. Itinulak niya ang Kastila. Sabin g ilan ay sinuntok niya ito. Sabi naman ng iba ay itinulak lamang. Nawalan ng panimbang ang kolektor at nabuwal. Tumama ang ulo sa bato. Nilapitan ni Don Rafael ang bata. Binuhat at dinala sa tribunal. Nagsuka ng dugo ang kolektor. Hindi natauhan at makaraan ang ilang minute ay namatay. Hinuli ng pulisya ang inyong ama at ikinulong.

“Noon nagsilantad ang mga kaaway ni Don Rafael. Nagsimulang maglabasan ang mga kasinungalingan. Inakusahan siya ng pagiging erehe at subersibo. Ang pagiging erehe ay grabeng kaso, lalo na sa pagkakataong ito. Subalit ang pagiging subersibo o pilibustero ay mas grabe kaysa pumatay ng tatlong kolektor ng buwis na marunong bumasa at sumulat. Itinakwil ng lahat ang inyong ama. Kinumpiska ang kanyang mga papeles at aklat. Inakusahan siyang nagbabasa ng mga babasahin mula sa Madrid at ibayong-dagat; na ipinadala kayo sa Alemanyang bahagi ng Switzerland, at samakatuwid at Protestante; na nag-iingat ng larawan at mga sulat ng isang Pilipinong pari na binitay dahil sa pagkakasangkot sa rebelyon, at kung ano-ano pa. Lahat ng maisip nila ay ipinaratang sa inyong ama pati ang pagsusuot ng damit-Pilipino gayong siya’y

Kabanata 4: Erehe at Subersibo

may dugong Kastila. Siguro, kung naiba-iba lamang ang inyong ama ay madali siyang pinalaya. Ayon sa isang doctor ay alta presyon ang dahilan ng pagkamatay ng kolektor ng buwis. Subalit ang labis na yaman, pananalig sa katarungan, at poot sa gawaing illegal ang nagpahamak sa inyong ama. Ginawa ko ang lahat ng aking magagawa para tulungan siya. Bagaman hindi ko ugaling humingi ng pabor ay nakipagkita ako sa Kapitan-Heneral, ang sinundan ng kasalukuyang Kapitan-Heneral. Sinabi ko sa kanya na ang taong tulad ng inyong ama na nagpapatuloy at nagpapakain sa mga dukha at walang masilungang mga Kastila, at dinadaluyan sa ugat ng dugo ng mabuting Kastila, ay hindi maaaring maging subersibo. Ako ang nanagot sa kanya. Sumumpa ako na wala siyang kasalanan. Sinaksi ko ang aking karukhaan at karangalan bilang military. Ngunit ako'y ipinagtabuyan at pinaratangang isang sira.

“Hiniling sa akin ng inyong ama na ako ang umasikaso sa kanyang kaso. Una kong nilapitan ang isang batang-bata pero tanyag na abogadong Pilipino. Tumanggi siyang hawakan ang kaso ng inyong ama, ‘Mapapahamak ako,’ aniya. ‘Kung tatanggapin ko ang kanyang asunto ay magiging dahilan iyon para siya bigyan ng panibagong kaso, at malamang na kasuhan pati ako.’ Pinayuhan niya akong kumuha ng isang abogadong Kastila, at binanggit niya ang pangalan ng isang sikat at mahusay na orador. Nilapitan ko iyon at Ipinagdepensa niya ang inyong ama nang buong husay. Ngunit napakaraming kaaway ng inyong ama. Ang ilan ay lihim at ayaw magpakilala. Marami ring huwad na testigo. Ang mga kasinungalingang iyon sa halip na kondenahin ay pinaniwalaan at tinanggap pang ebidensya. Kung napawawalan man ng saysay ng abogado ang ilan sa mga kasinungalingang iyo ay higit na marami pa ang nagsulputan. Pinaratangan ang inyong ama ng illegal na pagkakamal ng kayamanan. May humihingi ng danyos perwisyo. Mayroon ding nagsabing may koneksiyon siya sa mga bandido para protektahan ang kanyang lupain at mga hayop. Naging komplikado ang asunto kaya’t makaraan ang isang taon ay hindi na maintindihan ang puno’t dulo ng kaso. Naalis sa puwesto ang gobernador at pinalitan ng ibang kilalang makatarungan . Pero, sa kasamaang-palad ay iilang buwan lamang siyang nanungkulan.

“Ang mga kaibigan ng inyong ama, ang hirap sa bilangguan, at sama ng loob ay siyang sumira sa kanyang kalusugan na humantong sa pagkakasakit na tanging kamatayan na lamang ang makagagamot. Namatay siyang nag-iisa sa kulungan... nang malapit n asana siyang mapawalang-sala sa paratang na sedisyon at pagpatay. Inabot ko pa siya bago nalagutan ng hininga.”

Saglit na natahimik ang nagku-kuwento. Wala ring kibo si Ibarra. Sinapit nila ang pintuan ng kuwartel. Huminto ang matanda at inilahad ang kamay.

“Alamin mo rink ay Kapitan Tiyago ang iba pa. Paalam na.”

Buong damdaming pinisil ni Ibarra ang kamay ng matanda, ng walang imik na inihatid ng tingin hanggang sa makapasok sa kuwartel.

“Sa Hotel Lala,” aniya na bahagya nang marinig.

“Wala siguro sa sariling bait ang taong ito,” anang kutsero sabay palo sa kabayo.